HALAW SA KATITIKAN NG KARANIWANG PAGPUPULONG NG MGA KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG BONGABON, NUEVA ECIJA NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN BAYAN NGAYONG IKA -21 NG MAYO 2012.

| | | |
|---|---|---|
| DUMALO: | Kgg. Edmond E. Arive | Pangalawang Punong Bayan (Tagapangulo ng Pulong) |
| | Kgg. Maximino V. Gervacio | Kagawad |
| | Kgg. Hernan P. Andres | Kagawad |
| | Kgg. Ronnie S. Cudia | Kagawad |
| | Kgg. Lope C. Valmonte | Kagawad |
| | Kgg. Lodovico R. De Leon | Kagawad |
| | Kgg. Vivencio V. Mantile | Kagawad |
| | Kgg. Arcangel T. Ruz, Sr. | Kagawad |
| | Kgg. Elpidio DG. Angeles | Kagawad |
| | Kgg. Alejandro A. Camato | Kagawad - Liga Pres. |
| | Kgg. Love Joy R. Padrid | Kagawad - SK Pres. |
| DI DUMALO: | (WALA) | |

## KAPASYAHAN BLG. 72-s-2012

ISANG KAPASYAHAN NA BINIBIGYAN NG KAPANGYARIHAN ANG PUNONG BAYAN KGG. AMELIA A. GAMILLA, UPANG HILINGIN SA KALIHIM NG KATARUNGAN, KGG. LAILA DE LIMA, SA PAMAMAGITAN NG ADMINISTRADOR NG PATALAAN NG MGA LUPAIN, KGG. EULALIO C. DIAZ III, NA ANG MGA TALA AT TITULO NG LUPAIN NA NASASAKUPAN NG BAYAN NG BONGABON, NUEVA ECIJA AY MAPASAILALIM NA NG HURISDIKSYON NG TANGGAPAN NG PATALAAN NG MGA TITULO NG LUNGSOD NG PALAYAN, LALAWIGAN NG NUEVAECIJA.

SAPAGKAT, ang Bayan ng Bongabon, Nueva Ecija ay lubhang may kalayuan sa Lungsod ng Kabanatuan kung saan ang mga titulo ng kanyang mga lupain at mga tala nito ay dito mga nakalagak;

SAPAGKAT, ang kalapit Bayan ng Bongabon na Lungsod ng Palayan ay may sarili ng Tanggapan ng Patalaan ng mga Titulo at mga tala ng kanyang lupain kung saan ang layo nito sa Bayan ng Bongabon ay mga limang (5) kilometro lamang humigit kumulang o wala pa sa kalahati ang layo kung ikukumpara ito sa layo ng Tanggapan ng Patalaan ng mga Lupain sa Lungsod ng Cabanatuan;

SAPAGKAT, lubhang mahirap at masalimuot ang pagpapatitulo at pagpapatala ng mga Titulo at kasulatan nito sa Tanggapan ng Patalaan ng mga Lupain sa Lungsod ng Cabanatuan dahilan narin sa dami ng Bayan ng Nueva Ecija ang kanyang nasasakupan at pinagsisilbihan.

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Bongabon, Nueva Ecija, ay nagnanais na maibsan bahagya man lamang ang nararanasang hirap ng kanyang mamamayan sa tuwinang magpapatitulo sila ng lupa o dili kaya magsasangla man lamang sila ng lupa sa bangko kung saan ang kontrata ay ipinatatala sa nasabing tanggapan, dahilan narin sa layo nito ay malaki-laki rin ang nagagastos lalo pa at babalik-balikan pa ito kung ito ay hindi pa matatapos sa isang araw;

DAHIL DITO, sa pangunguna ni Kgg. Vivencio V. Mantile na pinangalawahan ni Kgg. Lope C. Valmonte at sinang-ayunan ng lahat.

IPINASYA, na binibigyan ng kapangyarihan ang Punong Bayan Kgg. Amelia A. Gamilla, upang hilingin sa Kalihim ng Katarungan, Kgg. Laila De Lima, sa pamamagitan ng Administrator ng Patalaan ng mga Lupain, Kgg. Eulalio C. Diaz, III, na ang mga tala at titulo ng lupain n nasasakupan ng Bayan ng Bongabon, Nueva Ecija ay mapasailalim na ng Hurisdiksyon ng Tanggapan ng Patalaan ng mga Titulo ng Lungsod ng Palayan, Lalawigan ng Nueva Ecija.

PINAGTIBAY:
Mayo 21, 2012

x--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------x

PINATUTUNAYAN KO ang katumpakan ng kapasyahang sinipi sa itaas nito na Pinagtibay.

PINATUNAYAN:

CARMENCITA P. CARPIO
Kalihim, Sangguniang Bayan

PINATUTUNAYAN:

**KGG. EDMOND E. ARIVE**
Pangalawang Punong Bayan
(Tagapangulo ng Pulong)

PINAGTIBAY:

**KGG. AMELIA A. GAMILLA**
Punong Bayan

KGG. MAXIMINO V. GERVACIO
Kagawad

KGG. LODOVICO R. DE LEON
Kagawad

KGG. HERNAN P. ANDRES
Kagawad

KGG. ARCANGEL T. RUZ, SR.
Kagawad

KGG. RONNIE S. CUDIA
Kagawad

KGG. VIVENCIO V. MANTILE
Kagawad

KGG. LOPE C. VALMONTE
Kagawad

KGG. ELPIDIO DG. ANGELES
Kagawad

KGG. ALEJANDRO A. CAMATO
Kagawad-Liga Pres.

PINAGTIBAY:

**KGG. AMELIA A. GAMILLA**
Punong Bayan